

Kapag Sumlong ang isang Maliit na Itinatanging Buhay

Pagsulong sa Buhay Kasama ang Iyong Anak na Mayroong Kapansanan

Kabanata 1. Lahat ay may mga alalahanin sa pagpapalaki ng anak

Seksyon 1. Bawat bata ay lumalaki.

- Mga batang ipinanganak na kulang sa kabuwanan o prematyur
- Mga batang naipanganak na may kahirapan ang ina sa pagluwal
- Mga batang ipinanganak na may kapansanan sa mukha at kamay
- Mga batang ipinanganak na may sakit sa puso o ibang laman loob
- Mga batang nagkakaroon ng kombulsyon
- Mga batang hindi pa nagsisimulang lumakad
- Mga batang hindi pa nagsisimulang magsalita
- Mga batang may kapansanan sa pandinig
- Mga batang may kapansanan sa mata
- Mga batang hindi matawag ang pansin
- Mga batang may problema sa atensyon
- Mga batang hirap sa Kaniyang pag-aaral

Seksyon 2. Mga katanungang mahirap itanong sa duktur.

Mga Pagkauntol sa Pagsulong sa Paglaki
Pagkaparalisa

Seksyon 5. Kapag Sumulong ang isang Maliit na Itinatanging Buhay.

Kabanata 1. Lahat ay may mga alalahanin sa pagpapalaki ng anak

Seksyon 1. Bawat bata ay lumalaki

Q. Mga batang ipinanganak na kulang sa kabuwanan o prematyur (Egawa)

Kulang sa kabuwanan ang aking anak nang siya'y aking iniluwal. Nag-aalala ako kung siya ba ay lalaking normal..

Tila ang paglaki at paglago ng aking anak ay hindi umaayon sa mga nakasaad sa aklat.

A. Sa tulong ng mga pag-unlad sa Siyensiyang Medikal, maraming mga sanggol ang normal at malusog na lumalaki kahit sila ay naisilang na may kakulangan sa kabuwanan at may mababang timbang. Natural lamang ang pag-aalala tungkol sa paglago at paglaki ng iyong prematyur na sanggol; lalo na kung siya ay iyong pinaka-unang anak.

Karaniwan, ang mga nakasaad sa mga aklat tungkol sa paglaki at pag-unlad ng isang bata ay iyong mga ipinanganak na may eksaktong kabuwanan at may pangkaraniwan o katamtamang timbang. Ang mga prosesong nakatala doon ay iyong mga pangkaraniwan sa pangkalahatan. Ang ilan din sa mga ina na may mga sanggol na eksakto sa buwan ang pangkakatanganan ay nagsasabing hindi lahat ng proseso sa pag-unlad at paglaki ng kanilang anak ay katulad ng nasasaad sa aklat.

Sa pag-unlad naman ng abilidad sa pagkilos o pang motor, mas mainam kung ibabase ang pag-unlad ng mga prematyur na sanggol sa antas ng kanilang sariling kakayanan sa edad na kanilang inaayunan. Kung ang sanggol ay isinilang sa kaniyang ika-30 linggo (10 linggong mas maaga sa inaasahang petsa o kabuwanan.), maaari mong bawasan ng dalawa't kalahati ang kaniyang edad. Isiping ito ang kaniyang edad at gawin itong basehan sa kaniyang pag-unlad. Kung ang sanggol ay may 6 na buwan na at hindi pa kayang bumaliktad mula sa pagkakatihaya o pagkakatapa, maaaring ikaw ay mag-aalala. Ngunit kung iisiping ang edad na kaniyang inaayunan sa paglago ay sa isang tatlo at kalahating buwan, maiisip mong hindi ka pala dapat mag-aalala kung ang kaya lamang niyang gawin sa panahong iyon ay itaas ang kaniyang ulo sa sariling kalakasan.

Ang mga prematyur na sanggol, lalo na ang mga naospital sa NICU, ay kadalasang nakakaranas ng pagkauntol sa pag-unlad sa kanilang paglaki. Hindi rin madali para sa kanila ang umayon sa kalagayan ng kanilang kapaligiran. Gayon man sila ay biglang uunlad nang mabilis sa sandaling sila ay magsimulang umupo at tumayo na may suporta sa kanilang pagtungtong ng ika 11 buwan. Marami sa kanila ang humahabol sa mga normal na mga bata kahit sa pisikal na paglaki gaya ng sa pagtangkad at pagtaas ng timbang. Ang ilang bata ay medyo nahuhuli sa paglaki ng mga 18-24 buwan ngunit may mga ulat na nagsasabing ang pagkakaiba ng mga normal na bata sa mga prematyur na mga bata ay nawawala sa edad na tatlong taong gulang.

Hindi basta basta maihahayag ang pagkakaiba ng “normal” sa “abnormal,” dahil sa mga ilang bagay na hindi malinaw na maipaliwanag. Bawat bata ay may sariling proseso ng pag-unlad sa paglaki. Bawat isa ay may kani- kaniyang katangian. Isaisip na bawat bata ay nagkakaiba –iba . Mas mabuting maghintay at magmasid sa patuloy na pag-unlad at paglaki ng iyong anak.

Q. Mga batang naipanganak na may kahirapan ang ina sa pagluwal (Egawa)

Nahirapan akong iluwal ang aking anak. (muntik na ikamatay).

Nag-aalala akong magkaroon siya ng mga problema sa kaniyang paglaki.

Ano ang mga bagay na dapat kong isaisip sa pag-aalaga sa kaniya?

A. Kung ikaw ay nag-aalaga ng isang bata na iniluwal sa bingit ng kamatayan, na tinatawag na “Fetal distress o nahirapang mailuwal. maaaring ikaw ay may mga alalahanin tungkol sa kaniyang paglaki at pag-unlad. Maaaring ikaw ay nagaalala na kung magkaroon siya ng mga problema habang lumalaki. Mas malaki ang iyong alalahanin kung siya ay nailuwal sa bingit ng kamatayan na tinatawag na “Fetal distress” at binanggit ng duktore ang mga posibleng maging problema sa kaniyang pag-unlad sa paglaki.

Ang “Fetal distress” ay isang kondisyon na nagaganap sa mga bagong silang dahil sa kakulangan sa oxygen o hangin at kakulangan ng sapat na dugo patungo sa utak. Ito ay may malaking epekto sa pag-unlad ng pisikal na paglaki lalo na sa abilidad ng pagkilos at sa pang mental na kakayahan. Kung ang isang taong nakatatanda ay magkasakit at magkulang sa oxygen o hangin sa dugo patungo sa utak, ito ay tinatawag na istrok. Gayun pa man, ang utak ng mga sanggol ay nagbabago pa. Hindi pa kumpleto ang pagkabuo ng bawat aspeto ng mga nakatakdang gawain para sa bawat bahagi nito. Ang pagkilos sa parteng may problema ay maaari pang maisaayos ng mga bahaging nasa normal na kundisyon. Ito ay ang tinatawag na “plasticity” ng utak.

Upang makamit ang higit na benepisyong mula sa plastisidad ng utak, ang mga abnormal o di pangkaraniwang kundisyon sa pagbubuntis ay kailangang mapag-alaman kaagad. Kung ang sanggol ay may abnormal na kundisyon sa kaniyang pag-unlad sa paglago ng kaniyang utak, ang unang simtoma ay mamamalas sa kaniyang gana sa pag-inom ng gatas at pag-iyak. Ang pag-inom ng gatas at pag-iyak ay dalawang pinakamahalagang gawain ng isang sanggol. Mahusay bang uminom ng gatas ang iyong sanggol? Malakas ba siya umiyak? Kung may mga alalahanin sa bagay na ito, mabuting kumunsulta sa espesyalista sa ospital, klinika o Sentro ng Pambublikong Kalusugan. Upang makasiguro sa ikabubuti ng inyong sanggol, mabuting may kahit isang palagiang espesyalistang regular na mapagkukunsultahan para sa iyong anak.

Kahit may iisang simtomang namamalas mula sa iyong anak, at ikaw ay nag-aalala, huwag mawawalan ng pag-asa para sa patuloy na pag-unlad sa paglaki ng bata. Panatilihin ang masigla ang kapaligiran (eksersisyo sa bahay, pagtraining sa ospital at iba pa.) upang makatulong sa normal na pag-unlad sa paglaki.

Q. Mga batang ipinanganak na may kapansanan sa mukha at kamay (Egawa)

May kapansanan ang aking anak sa isang parte ng kaniyang katawan?
Maapektuhan ba ang kaniyang paglaki?

A. Tingnang mabuti ang talukap ng tainga ng mga tao sa iyong paligid. Iniisip nang karamihan na ang mga parte ng katawan ng tao ay may pare-parehas ang hugis ngunit kung mamasdan ang talukap ng tainga ng bawat isa ay iba iba ang hitsura. At kung maging talagang kakaiba sa karamihan ito ay tinatawag na may “deformity”o kapansanan. Parang hindi magandang pakinggan diba? Parang sinabing may “kapansanan sa hugis“ o distortion of shape.

“Distortion of shape” “may “kapansanan sa hugis“ ay maaaring magdulot ng suliraning pang kosmetiko, gaya ng phacomatosis (nevus o balat) at microtia (maliit ang tainga), kung nasa mga parte ng mukha, kamay, at binti na hindi matatakpan ng kasuotan, Sa kasalukuyan, ito ay maiaayos na sa pamamagitan ng operasyon sa tamang edad sa tulong ng mga kaunlaran sa dermatolohiya at plastik sargyeri o operasyong nagsasaayos sa hitsura ng parte ng katawan ng tao. Kahit ang mga peklat sa ilang mga pasyente ay nagagawan na ng paraan na hindi mahalata. Ang kaibahan sa Pang kosmetikong Operasyon o pang kosmetik, ang operasyong ito ay nasasakop ng pangmedikal na paggagamot, at nasasakupan ng insyurans pangkalusuganMaaaring makapagparekomenda sa isang espesiyalista sa iyong kasalukuyang duktor.

“Distortion of shape” “may “kapansanan sa hugis“.ay maaari ring magdulot ng suliranin sa katawan gaya ng cleft lip/palate (bingot o butas sa ngala-ngala), polydactylism (sobrang daliri sa kamay o paa) at syndactylism (dikit dikit na mga galamay sa kamay o paa). Ang unang solusyon dito ay isang operasyong naglalayong mapabuti ang paggamit sa mga parteng ito. Kasunod ang ikalawa o higit pang mga kasunod na operasyon upang ayusin at pagandahin ang hitsura at paggamit nito. Kakailanganing kumunsulta sa isang plastikong surgeon (duktor na nagoopera) at ortopedik surgeon (duktor na nagoopera sa buto) sa matagal na panahon. Gayunpa man, ang medikal na teknolohiya ay patuloy na umunlad at maraming napakabisang pamamamaraan sa kasalukuyan upang mahanapan ng lunas ang mga sakit na noo’y imposibleng malunasan. Magtanong sa espesiyalista tungkol sa pinakabagong lunas.

Isa pang suliranin mula sa “Distortion of shape” “may “kapansanan sa hugis“” ay problemang pang debelopmental o sa pag-unlad sa paglaki. Karaniwan, kung may iisa lamang o dalawang parte ng katawan ang may kapansanan, maliit lamang ang posibilidad na magkaroon ng problema sa pag-unlad sa paglaki ng isang sanggol. Kakailanganin lamang ang regular na pagpapakunsulta o pagpapa-eksamin sa sentro ng pampublikong kalusugan.

Kung mas maraming kapansanan ang hinaharap at damay ang panloob na parte ng katawan gaya ng sa puso, kailangan ng ibayong obserbasyon dahil mas mataas ang posibilidad ng pagkakaroon ng suliranin sa pag-unlad sa paglaki. Una, maghanap ng isang klinika o ospital na may duktor para sa pag-unlad ng paglaki ng bata. Maaaring tumungo sa Sentro ng Pampublikong Kalusugan at kausapin ang isang duktor na may karanasan sa ganitong kundiyon. Sila ay makapagbibigay ng payo tungkol sa pagaalaga at pagpapalaki ng mga bata na may kapansanan sa paglaki. Sila ang magrerekomenda sa iyo sa isang espesiyalista kung kinakailangan. Ang mga Pampublikong Narses ay mainam ding hingian ng payo dahil marami na silang mga batang nabigyan ng kalinga Ang paglaki at pag-unlad ay mahalaga sa mga bata. Hindi ito dapat ipagsawalang bahala. Hindi rin dapat masaydong bigyang timbang ang panglabas na anyo kumpara sa kaniyang paglago- sa pag-unlad. Kung ang iyong anak ay hirap sa paggamit sa parte ng katawan na may kapansanan, tulungan siyang makasanayang gamitin ito. Pinapayo kong kumunsulta sa isang propesyonal na kawani sa pagmamasid sa kalagayan at pag-unlad sa paglaki ng iyong anak.

Q. Mga batang ipinanganak na may sakit sa puso o sa ibang parte ng laman loob(Egawa)

Sinabi sa akin ng duktor na may problema sa isang parte sa loob ng katawan ang aking anak. Nag-aalala ako kung siya ay maayos na lalaki.

A. Kasama ng baga ay ang puso- mga pinakaimportang parte ng katawan para mabuhay. Nagsisimula sa isang simpleng daanan o tubo ito ay tumutuloy patungo sa isang napaka kumplikadong bahagi na may apat na parte na may lagusan sa mga pagitan ng daluyan. Mahabang proseso sa pagkakabuo mula sa pinaka maagang yugto ng pagdadalantao hanggang maisilang sa mundo. Dahil sa komplikadong istraktura at hugis, mas matagal mabuo o makumpleto ang pagkabuo ng puso kumpara sa ibang bahagi ng katawan. Ito ang dahilan kung bakit maraming nagiging problema sa kundisyon ng sanggol o suliranin gaya ng hyperplasia.

Kung ang iyong sanggol ay may problema sa puso, siya marahil ay tinitingnan ng isang cardiologist o espesiyalista sa puso. Kung ang simtoma ay mamamalas sa kaniyang pagkasilang, ang pinakaunang lunas na isasagawa ay mapabuti ang kalagayan ng kaniyang puso. Maaaring kailanganin ang operasyon depende sa uri ng karamdaman..Sa ilang mga kundisyon, ang pinakamahalagang operasyon lamang ang isasagawa upang mailigtas sa ikakapanganib sa buhay ng sanggol. Uunahin ang operasyon na kailangan sa paglago sa paglaki ng bata. Isusunod ang ibang operasyon kung ang sanggol ay lumakas at lumaki na at may kakayahan na upang makaranas muli ng operasyon. Ang unang Gawain ng sanggol uminom ng gatas at umiyak nang malakas. Ang isang malusog at malakas na puso ay kailangan para maisagawa niya ang mga ito. Ito ang pinakamahalagang lunas na maibibigay ng isang cardiologist.

Kung ito ay maisagawa, nawawala dahan dahan ang mga unang simtoma ng nasabing kundisyon. Maaaring ikaw ay may mga agam-agam tungkol sa paglago sa paglaki ng iyong anak. Hindi lahat ng mga nagkaroon ng sakit sa puso ay nakakaranas ng problema sa pag-unlad sa paglaki . Kung patuloy na nag-aalala tungkol dito, maaaring lalong hindi masumpungan ang tamang panahon sa pag-suporta at pangangalaga sa bata tungo sa kaniyang pag-unlad sa paglaki. Kung ang bata ay may hypoplasia sa isang parte ng katawan kailangan ang lubusang pagmamasid sa kaniyang paglaki Pag-usapan ito, kasama ng duktor ng iyong anak. Ang ospital ay may departamento para sa mga pasyente na may sakit sa puso na hindi kainakailangang tumigil o mamalagi sa ospital. Mayroon din silang departamento para sa paglago ng mga bata. Maaaring kumusulta sa serbisyo ng isang “development counselor” sa sentro ng pampublikong kalusugan. Regular ng ipatingin ang iyong anak sa espesiyalista; ito’y isa sa pinakamabuting paraan ng pangangalaga sa iyong anak.

Bukod sa puso, maaari ring magkaroon ng kapansanan sa ibang bahagi ng katawan gaya ng tiyan, bituka at atay. Ang mga karamdaman dito ay dapat ikunsulta sa mga duktor na nagsasagawa ng operasyon para sa bata para sa ikauunlad sa paglaki. Para sa hypoplasia ng bato o kidney, ang paggagamot gaya ng dialysis ay maaaring kailanganin, depende sa kalagayan ng kidney o bato. Kung ang iyong anak ay may suliraning gaya nito kailangang siya ay may isang regular na pinagkukunsultahan. gaya din ng sa mga may sakit sa puso Bumisita sa iisang duktor kahit isang beses bawat 3 hanggang 6 na buwan.

Ang pagpapagamot sa mga karamdaman o kundisyon sa mga laman loob ay nangangailangan ng maraming salapi at oras. Subukang kumunsulta sa mga social worker sa ospital. May mga suporta para mabawasan ang gastusin gaya ng “Shoni Tokutei Shikkan” na para sa mga partikular na sakit at “Ikusei Iryo” para sa kabawasan ng gastusin ng mga may kapansanan. Kung ang sakit ay magiging malubha, ito ay magiging para sa “Internal Disease” o sakit ng laman loob na sinasakupan ng Physically Disabled Welfare Law. Ang pasyente ay pagkakalooban ng Physical Disability Certificate, o Sertipiko ng Pagkakaroon ng pisikal na Kapansanan na magkakaloob sa kanila ng mga pribilehiyo at maraming benepisyo. Ang sertipikong ito ay makakatulong nang mabuti sa pamilya ng may kapansanan, halimbawa, maipapasok sa day care o sentro nangangalaga ng mga bata ang ibang mga anak. Maaaring itanong sa duktor kung ito ay maipagkakaloob para sa iyong anak.

Ang mga salitang “Physical Disability Certificate” ay maaaring magbigay sa inyo ng pag-aagam agam ngunit hindi makakasakit kung lalapitan ang tanggapan ng welfare upang malaman ano ang mga benepisyo para sa iyong anak, at kung kinakailangan, aking inirerekomenda na kayo ay tumungo roon at isaiisp na ito ay makagagaan sa inyong pamumuhay.

Q. Mga batang nagkakaroon ng kombulsyon (Egawa)

Ang aking anak ay nagkaroon ng ilang beses na pagkokombulsyon noong siya ay maliit pa. Ito ba ay makakauntol sa kaniyang paglaki?

A. Isa sa sampung bata ang maaaring magkaroon ng kombulsyon. Noong mga nakaraang araw, pinaniniwalaang nagkakaroon ng bakas o peklat ang utak kapag nagkakaroon ng kombulsyon. Ito ngayon ay pinabulaanan ng siyensiya.

Isang sakit na nagsasanhi ng kombulsyon ay epilepsy. Sa epilepsy, ang kombulsyon ay nagaganap kapag kapag nagkakaroon ng biglang paghimpil o pagkakagulo sa pagdaloy ng kuyente sa utak kung magkaroon ng problema sa pagkilos ng mga tinatawag na nerve cells sa utak.

Karamihan sa mga epilepsy ay naaagapan ng isa o dalawang uri ng medisina na hindi nag-iwan ng masamang epekto sa pag-unlad ng utak. Gayun pa man, ang kombulsyon sa “intractable epilepsy” ay mahirap iwasan. Sa kalaunan, dadami rin ang mga uri ng mga gamot para dito. Sa mga panahong madalas magkaroon ng kombulsyon dahil sa epilepsy, ang mga pasyente ay parang nalalagay sa kondisyon na tila nakikinig sa radyong maingay at maugong. Hindi nila normal na nakakayanan ang mga kaguluhan sa paligid at dahil dito, bumabagal ang kanilang paglago.

Kung ang inyong anak ay may intractable epilepsy, hindi madali ang paggagamot sa kaniya at pagpapalago sa pag-unlad niya sa paglaki. Ang unang mithiin sa paggagamot ay maiwasan ang pagkokombulsyon. Sa panahon na madalas ang pagkokombulsyon, kailangang dalasan ang pagbisita sa duktur. Maaaring ititigil pansamantala ang pagpunta sa pisikal terapi o ibang aralin. Ang pinakaimportante ay makasanayan ng bata ang mga ingay o mga mga nagaganap sa kaniyang paligid, dahan dahang bumuti ang kaniyang kalagayan, upang makahabol sa mga bagay na naitigil. Maaaring napakahabang lakbayin sa paggagamutan kung pakikilingan ngunit ito ang pinakamadaling paraan ng paggagamot.

Kung magkaroon ng isang matinding kombulsyon, masdan mabuti ang kalagayan ng iyong anak. Masdan kung gaano siya kainteresado o kung papaano siya umayon sa sa mga nagaganap o naririnig sa kaniyang kapaligiran.. Kung tila mas aktibo ang bata at tila namamamalas ang patuloy na pag-unlad sa paglago, kausapin ang duktur kung itaas o ibaba ang dami ng gamot na pinaiinom o kung papaano tuluyang maiwasan ang pagkakaroon muli ng kombulsyon habang nagpapatuloy ang bata sa kaniyang mga ginagawa.. Kung ang pag-iwas sa kombulsyon ang palaging mimithiin, ikaw ay maaaring magtagumpay ngunit tiyak na ikaw naman ang laging matutulog sa araw dahil sa kapaguran. Ang iyong kapaguran ay maaaring magpalayo o magpawala ng mga oportunidad para sa kaniyang higit na paglago.

Ang kombulsyon ay sapat na upang ikaw ay magkaroon ng mga alalahanin. May kahirapan ang pangangalaga sa iyong anak ngunit patuloy mo siyang tulungan upang malagpasan at mapagtagumpayan ang sa sakit na ito Tulungan silang makamit ang tanging kalakasan na kanilang makakamit- ang paglaki at pag-unlad.

Q. Mga batang hindi pa nagsisimulang lumakad (Egawa)

Isang taon na aking aking anak ngunit hindi pa siya nagsisimulang lumakad. Nag-aalala akong baka mabagal ang kaniyang pag-laki..

A. Mahalaga sa mga magulang ang simulang paglalakad ng isang bata. Noong una'y hindi sila makapunta sa kanilang paroroonan kung walang aakay. Ngunit kung magsimula silang lumakad, malaking kagaanan. Ang pagsisimula sa paglalakad ay simula rin ng sa pagkakaroon ng kalayaan at pag-unlad ng sariling kalakasan . Maaaring iyong ikinababahala ang hindi pa paglalakad ng iyong anak at ito ay nagdudulot sa iyo ng pag-aalala.

Maraming aspeto ang paglaki ng iyong anak. Ito ay may apat na aspeto. Una ay ang Interpersonal/sosyal na pag-unlad. Halimbawa nito ay pagtawa, pakikipagbulagaan, pagwagayway ng kamay sa pagpaalam kung aalis o may aalis. Pangalawa, ang pangunahing wikang nauunawaan ng bata sa kaniyang pag-unlad; ang pagtawag sa kaniyang pangalan at ang kanilang sariling pagsasalita na tila pag-iingay lamang sa ating pandinig. Ikatlo, ang pangunahing pag-unlad sa pagkilos nila ang pag-iingay ng laruan ganiya ng pang kulingling at pagdampot ng basura; Ikaapat, ay pagtaas ng kanilang ulo na sa sariling kakayanan at paglalakad na walang alalay

Ang paglalakad ay isang napakahalagang palatandaan ng pag-unlad sa paglaki ng isang bata. Ito ay isa sa pinaka- kumplikadong palatandaan ng paglaki. Iba iba ang bilis sa paglaki ng bawat bata at ibat ibang bilis din ang pag-unlad ng bawat aspeto ng kaniyang paglaki . Ang isang bata ay may kalakasan at kahinaan. Bawat bata ay kakaiba at katangi-tangi. Walang dalawang bata ang magkatulad, kahit ang magkakapatid.

Ang edad kung kalian nagsisimula sa paglalakad ang mga bata ay nagkakaiba –iba mula 10 hanggang 18 buwan. Ang maagang paglalakad ay hindi nangangahulugang mabilis ang pag-unlad ng bata. Ang masasabi ko lamang na kung sila ay nagsimulang lumakad ng mga ika 18 buwab nila, sila ay nasa normal na pag-unlad sa paglaki.

Kung hindi pa lumalakad ang iyong anak sa edad na 18 buwan, kumunsulta sa isang propesyonal. Kumunsulta sa isang Tagapagpayo ukol sa pag-unlad sa paglaki ng bata o Developmental Counselor at sa Sentro ng Pamublikong Kalusugan o di kaya sa neurolohista ng mga bata (duktor na may espesiyalisasyon sa utak) sa ospital. Maaaring sila ay magrekomenda ng mga ibat ibang pageeksamin kung walang malinaw na dahilan o sanhi na makita. Kung patuloy na walang makita, kailangang ipatingin ang bata bago siya mag dalawang taong gulang. Mabuti rin kung makakapagbigay ng mga training o terapi para sa kaniya.

Isang nagiging problema sa mga batang may debelopmental na kondisyon sa pangangatawan ay ang hindi paggamit ng kanilang mga kahinaan sa pag-unlad sa paglaki. May mga batang hindi masiyadong makalakad at sila ay kaagad na sumusuko sa halip na magsikap na maka-abot sa malayong distansiya. Ito ay maaaring makapag limita sa kanilang pag-unlad..Ang ibang mga batang magkakaedad ay naglalarong magkakasama sa buhanginan at pare parehas na napuputikan. Ano kaya kung ang iyong anak ay nananatili lamang sa inyong bahay? Mayroon kang magagawa. Una, isama nang madalas sa labas ang iyong anak.Hayaang maranasan niya ang mga karanasan ng ibang bata.

Ang paglalakad ay hindi ang kaisa-isang pinakamimithiing bagay kundi isang daan tungo sa pag-unlad sa paglaki. Isaisip ito habang iyong pinangangalagaan at tinutulungan ang iyong anak sa pag-unlad sa kaniyang paglaki.

Q. Ang batang hindi pa nakakapagsalita (EGAWA)

Hindi pa nakakapagsalita ang aking anak.

Sa palagay ko, mabagal ang kanyang pag-unlad kumpara sa kanyang mga kapatid na babae at sa mga batang kaedad niya.

A. Sa pagbibigay ng payo sa kunsultasyon para sa pag-unlad ng mga bata sa kanilang paglaki, ang pinaka pangkaraniwang ikinababahala ng mga magulang ay ang hindi o nauuntol na pagsasalita ng kanilang mga anak, at 95% ay mga magulang ng mga batang lalaki. Ang pag-unlad sa aspetong ito ay nagkakaiba iba para sa bawat bata. Maaaring magpayo ang iyong duktor na bigyang panahon ang inyong anak. Ang ilan sa mga batang ito ay nagsisimulang magsalita sa panahon ng paghihintay sa kanilang pag-unlad ngunit ang iba naman ay hindi makapagsalita kung hindi bibigyan ng kalunasan ang anumang kapansanang mayroon sila.

Sa karamihan, ang isang bata ay makakapagbigkas ng isang salita-ang salitang “mama” sa edad na isang taong gulang at dalawang salita- “Hindi Mama” at makapagtuturo sa kanilang mata at ilong sa edad na dalawang taon. Bukod dito ang wika ay isang kasangkapan para sa komunikasyon, kayat mahalagang malaman kung kaya ng inyong anak ang makisama sa mga batang kanyang kaedad at hindi sa kung ilan ang salitang kaya nyang sabihin. Masdan ang inyong anak sa mga basehang ito. Kung tunay na may kapansanan ang iyong anak sa pag-unlad nya sa pagsasalita, kumunsulta sa malapit na sentro ng publikong pangangalaga. Ang mga sentrong ito ay may malawak na serbisyo para sa ibat ibang mga kalagayan ng kalusugan ng kabataan. Mayroong mga espesyalistang nagbibigay ng kanilang serbisyo tungkol sa kunsultasyon sa aspetong ito. Kung hindi maisiguro ang kapansanan ng iyong anak ngunit nagsususpetsang nahuhuli nga sa paglago sa pagsasalita ang iyong anak, maaaring kayo ay kanilang idirekta o irekomenda sa mga boluntaryong grupo na tumutulong na mapaunlad ang isang bata sa kanyang paglaki. Mabuti ring pumunta sa isang malapit na “Ryoiku Center,” sa inyong lugar at magpakunsulta. Ito ay isang espesyal na institusyon para sa pag-unlad ng isang bata. Ito rin ay isang sentro ng rehabilitasyon.

Maaari ring subkin ang katamtaman o malalaking ospital na may departamento para sa mga bata o Pedyatrik. Magtanong sa tanggapan kung sinong duktor ang pinakamabuting puntahan para sa konsultasyon. Ang mga Resepsyonista at mga narses ay may kaalaman sa mga espesyalisasyon ng bawat duktor. Kanilang ituturo kung sino ang pinakamabuting puntahan para sa iyong anak.

Huwag ipagpaliban ang pagbisita sa espesyalista kung kayo ay simulang mabahala o mag-alala tungkol sa pagsasalita ng iyong anak. Kahit sabihin ng iyong personal na duktor na maghintay pa at bigyang panahon pa ang iyong anak, mabuting maghanap ng isang espesyalista na maaaring makapageksamin sa iyong anak nang madalas. Upang matulungan ang iyong anak na makapagsalita, kailangang masiguro ang kanyang tunay na kundisyon at mabuting mapag-alaman ito nang maaga.

Q. Batang may kapansanan sa pandinig (Sentro)

May kabagalan sa pagsasalita ang aking anak, at sabi ng duktor may kapansanan sa kaniyang pandinig. Paano ko siya tuturuan magsalita?

A. Ang kapansanan sa pandinig ay isa mga medikal na suliraning nakaaapekto sa pag-unlad sa pagsasalita. Para sa mga batang may kapansanan sa pandinig, ang edukasyon ay malaon nang napaunlad. Sa panahong ito mayroon nang magagaling na hearing aid, isang maliit na bagay na inilalagay sa tainga upang makadinig at nakaayon sa personal na kondisyon ng bawat gagamit.

Kung ang inyong anak ay napag-alamang may problema sa pandinig, alamin muna kung kakailanganing gumamit ng hearing aid. Kung hindi masyadong naunawaan ang paliwanag, huwag mag-alinlangang kumunsulta sa ibang propesyonal sa mga ospital o sa mga organisasyong nagkakaloob ng konsultasyon. Kung nakakasiguro na ang iyong anak ay nangangailangan ng hearing aid, magpagawa sa kanila ng isang prototayp, o panimulang sampol upang masubukan kung magkakaroon ng mabuting pagbabago sa pandinig ng iyong anak. May mga batang ayaw gumamit nito. Huwag siyang pilitin, bagkus ay maghintay ng sapat na panahon at subukang ipagamit ulit. Kung hindi pa rin, patuloy na maghintay at muling subukan. Ang pagkakaroon ng dagdag na kaalaman sa mga salita ay mahalaga hindi lamang sa paglaki kundi para din sa pakikisalamuha sa kinabukasan ng bata. Hindi kailangang mawalan ng pag-asa at umasa lamang sa kasangkapang ito.

Upang matulungan sa wika ang iyong anak, mabuting ipasok din siya sa isang paaralang magsasanay at magpapaunlad .Maaaring mahirap makahanap ng lugar na ito sa inyong pook tirahan dahil limitado lamang ang bilang ng mga espesiyal na paaralan at sentro ng pagsasanay. Isaisip lamang ang napakalaking tulong na naipagkaloob sa mahabang panahon sa edukasyon ng mga batang ito ang makapasok sila sa espesiyal na sentro ng pagsasanay o paaralan. Inirerekomenda kong ipagkaloob sa inyong anak ang oportunidad na ito kahit may kalayuan ang paaralan o sentro sa inyong tirahan. Habang nag-aaral ang iyong anak, kayong mga magulang ay maaari ring makapag-aral, matuto at makatulong para sa pakikipagkomunikasyon sa inyong anak

Huwag kalimutang tulungan ding makipagkaibigan ang inyong anak sa inyong komunidad. Kung ang tanging mithiin ninyo ay ang kaniyang pag-unlad sa pagsasalita, maaaring hindi niya lubusang makamit ang ganap na kaligayan sa pagiging bata; kahit ang masubukan kung paano makipag-away sa kapwa bata. Ang mga bata ay maaaring makisalamuha sa isa't isa kahit limitado ang kanilang pakikipagkomunikasyon.

Q. Ang batang may kapansanan sa mata (SENTRO)

Sinabihan ako ng isang propesyonal na may kapansanan ang aking anak sa paningin at hindi siya makakakita nang mabuti. Hindi ko alam kung paano siya aalagaan.

A. May mga sakit na nakaaapekto sa sanggol mula sa kaniyang pagkasilang, gaya ng retinopathy sa mga batang kulang sa kabuwanan at katarata. Ang makakita ay isa sa pinakamahalagang bagay sa pag-unlad ng isang bata. Dahil dito, kailangang bigyan ng kosiderasyon sa mga suliranin sa mata ang mga bata.

Kung ang kapansanan ay sa isang mata lamang, mahirap makakita sa tatlong dimensyon dahil sa pagkakaiba sa paningin o biswal akwity ng dalawang mata. Ito ay nakakaapekto sa paglalakad at sa iba pang bagay. Alamin sa duktur kung makakakita nang mas mabuti ang iyong anak kung magsusuot ng salamin, mula sa simula ng paglalakad nito. Ang bata ay kailangan ng regular na kunsultasyon para sa mga iba pang karamdaman na maaaring nagsasanhi ng kapansanan sa mata.

Kung maayos naman ang paningin ng isang mata, at nakakikita ang bata sa lahat ng nasa kapaligiran ng maayos, maaari siyang makatanggap ng tinatawag na pangkalahatang o mga bagay na nakapagpatalas ng paningin para sa pag-unlad. Maaaring may problema pa rin sa paningin sa perspektibo bigyan ng sapat na panahon hanggang makayanan ang paggawa ng mga bagay na kailangan ang detalye. Tandaan na kapag nagsimulang maglakad, medyo mahirap para sa kanila ang paghakbang pababa ng hagdanan dahil hindi nila alam ang pakiramdam kung ano ang nasa ilalim ng kanilang mga yapak.

Kung parehas na mga mata ang may kapansanan, ang unang kailangan gawin ay ang mapabuti ang paningin sa pamamagitan ng operasyon o paggamit ng salamin sa mata. Kung hindi ito maging sapat, kailangan matutunan ang paggamit ng ibang pandama gaya ng pandinig, panghipo, upang lalong tumalas ang kanilang mga pandama. Bumisita sa isang konsultasyong pang deelopmental sa inyong lugar kahit isang beses upang makapagsanay ang inyong anak ayon sa kaniyang antas ng pagsulong. Kung possible, ipasok ang inyong anak sa regular na pagsasanay bago pumasok sa elementarya.

Sa problema sa paningin gaya ng amblyopia o kahinaan sa paningin ay mas karaniwan kaysa sa pagkakaroon ng kabulagan. Kung may amblyopia, hindi sapat ang salamin sa mata upang makakita nang maayos. Ngunit sa panahong ito, may mga kontak lens at intraocular na mga lenteng magagamit. Mayroon ding mga aklat o aklat-larawan na nakalathala na may malalaking letra. May mga programa din sa kompyuter na maaaring magpalaki ng mga letra upang mas makakita at makabasa nang maayos. Subuking magtipon ng impormasyon tungkol sa mga produkto at kasangkapang magagamit sa mga pangrehiyonal na sentro ng welfare at mga asosasyon ng mga magulang ng mga batang may kapansanan sa mata.

Hindi karamihan ang mga batang may kapansana sa mata, Dahil dito hindi lubusang naitataguyod ang mga serbisyo para dito. Nawa'y malikha nyo ang pinakamabuting kapaligiran at pamumuhay para sa inyong anak.

Q. Mga batang hindi matawag ang pansin. (EGAWA)

Hindi lumilingon ang aking anak kung tawagin ko ang kaniyang ngalan. Hindi niya tinitingnan ang aking mata kung kami ay magkakarap. Sinabihan ako na siya ay awtistik.

A. Sa mga batang dinala sa ospital dahil sa pagkaantala ng pagsasalita may mga nakikitaan ako ng mga simtomang ito. Ang lenggwahe o wika ay isang pamamaraan ng pagkamit ng ating mga mithiin kapag nakikipagkomunikasyon sa ibang tao. Kung hindi sila interesadong makipagkomunikasyon, o hindi nakikipagtinginan kung nakikipag-usap, maaantala ang kanilang pagsasalita at hindi uusad ang paglago sa paggamit ng mga salita. Ito ng kondisyong tinatawag nating “autistic” at ang tipikal na karamdaman na may sintomang ito ay tinatawag na “autism.” Ang autism ay nakilala sa palabas na “Rain Man.”

Kung isa ngang autistic o hindi ay isang sabdyektibong konsepto. Kailangan maging maingat ang mga pedyatrikong psychiatrists na nageespesiyalista sa sa psychology sa pagkilala kung baga sa sakit na autism. May mga katangian o sukat kung paano nakikilala ang sakit na ito. May mga 61 huwaran ng katangian ang ineeksamin upang makita at masiguro kung nagpapamalas ang bata ng ilan sa mga katangiang nagsasaad ng autism.

May mga magulang na nagaalala sa pang intelektwal na pag-unlad ng kanilang autistic na anak. Dahil sa ang wika ay isang paaran ng pakikipagkomunikasyon, mahirap para sa mga batang may autism ang paggamit ng salita. Ang mental na paglago ng isang karaniwang bata ay nagmumula sa pakikipagrelasyon sa ibang bata sa paaralan, at sa ibang lugar. Ang mental na pag-unlad ng autistic na bata medyo naaantala. Ngunit may ilan sa kanila na nagpapakita ng interes sa ilang mga letra at numero. Ang iba naman ay mahusay sa pangunawa sa mga sitwasyon. Kagila-gilalas na ang ilan ay matalas at mahusay na makaramdam ng mga pagbabago sa kapaligiran.

Masasabing ang autism ay isang karamdamang pangkatangian. Kung sa tingin nyo na ang inyong anak ay may karamdamang ito, inirerekomenda naming ipatingin siya agad sa isang psychiatrist (duktor sa pag-iisip). Mas mainam na maipatingin nang maagap upang daglian ding mapagkalooban ng wastong edukasyon.

Ang Autism kilala na sa mundong pangmedikal sa maraming mga taon. Marami na ring nasubukang mga pagsasanay at pagbibigay edukasyon para sa mga batang ito. Bagaman wala pang naitataguyod na pinakamabisang pamamaraan, inirerekomenda kong masubukan ito para sa inyong anak.

Masdan kung saang pamamaraan bubuti ang inyong anak. Kung hindi ukol ang isang pamamaraan, subukan ang iba pa. Ikaw ang magpapalaki ng iyong anak kaya mabuting masumpungan mo ang pinakatumpak na pamamaraan para sa inyong anak.

Q. Batang may problema sa atensyon (FUKUNAGA)

Laging balisa ang aking anak. Hindi niya maituon ang kaniyang atensyon sa iisang bagay lamang. Ako ay nagaalala kung makakakayanan niyang makibagay sa kaniyang kapaligiran sa kaniyang pag-aaral.

A. May mga magulang na nag-aalala dahil ang kanilang anak ay tila palaging balisa o di mapakali. Kung tututusin ito ay normal lamang na ang atensyon ng isang bata ay maikli lamang at maraming bagay ang kanilang pinagkakainteresan. Ngunit may isang bata na may kakaibang kabalisaan at tunay na hindi mapakali at ang kaniyang interes ay nasa lahat ng bagay sa kaniyang paligid. Ito ay tinatawag nating, “Totto-chan syndrome” (SUGIYAMA) mula sa isang karakter sa aklat na “Totto-chan, Ang batang babae sa bintana” na isinulat ng isang TV karakter na si Tetsuko KUROYANAGI.

Hindi kailangang agad na isipin na ang batang namalas ay may problema ngunit kung sobrang pagpapakita ng pagkabalisa na dahil dito maaari siyang masaktan o makapagdulot sa ibang taong nakapaligid ng abala, maaari itong tawagin na “attention deficit/hyperactivity disorder” o ADHD. Mahirap para sa mga pangkalahatang duktor na masiguro ang pagkilala sa sakit na ito. Kailangan itong isagawa ng isang espesiyalistang tinatawag na psychiatrist ng bata.

Kapag lumabis ang kanilang simtomang ipinamamalas, maaaring magreseta ng gamot para sa bata. Mahalagang makapagdulot ng isang maayos na kapaligiran o kapaki-pakinabang na magagalawan. Ito ay isang mahalagang bahaging gagampanan ng isang magulang o nakatatanda.

Kadalasan, ang mga batang ito ay namamalas at tinatawag ng mga matatanda na mga batang magugulo lalo na matapos nilang makapasok ng elementarya. Kapag sila ay kinabahan, nagiiiba ang kanilang personalidad. Kailangang kausapin ang guro ng kindergarten o sa paaralan upang makapagdulot ng kapaligirang angkop sa kaniyang pangangailangan.

Kung magkaroon ng problema, mabuting kumunsulta agad sa isang espesiyalista. Bukod sa sentro ng publikong pangangalaga at sa pang unibersidad na ospital, maaaring kumunsulta sa isang sentro ng pangdebelopmental na kunsultasyon sa inyong lugar.

Q. Batang hirap sa kaniyang pag-aaral (FUKUNAGA)

Ang aking anak ay hirap sa paghabol sa mga aralin sa paaralan. Siya kaya ay may kapansanan sa pag-aaral?

A. Ang mga batang labis na nahihirapan sa elemtarya ay malaas na may kakulangan lamang sa kaalam kung paano mag-aral ngunit minsan, may medikal na problemang sanhi nito. May ilang may katamtamang kapansanang pangintelektwal o autism na hindi napansin sa nursery o sa kindergarten. May iba naman na hirap umayon sa buhay sa paaralan dahil sa tinatawag na attention deficit disorder o karamdaman sa kakulangan sa atensyon. Maaari ring ito ay “leaning disorder,” na madalas nasasaad sa mga pahayagan.

May tatlong uri ng kapansanan sa pag-aaral: Kapansanan sa matematika, sa pagsusulat, at sa pagbabasa. Sa medaling salita, ang ibang kakayahan ay maayos at hindi lahat ng pang intelektwal na abilidad ay apektado.

Hindi lahat ng mga batang mababa ang antas ng kaalaaman sa paaralan ay masasabing may karamdamang ito. Dahil dito, kailangang siguruhiin ang sanhi ng kaniyang kahirapan sa pag-aaral. Depende sa kadahilanan kailangan gumamit ng ibang pamamaraan sa bahay at sa paaralan.

Maaaring ipatingin ang bata sa sentro ng pangedukasyonal na kunsultasyon, opisina ng konsultasyon para sa kabataan, o nyurolohiyang (utak) pampedyatriko/departamento ng pambatang psychiatry sa isang ospital. Kung nais nyong maging kompidensiyal ang kalagayan ng inyong anak at hindi malaman ng kahit sino sa paaralan, maaaring kumunsulta sa opisina ng konsultasyon para sa kabataan o sa ospital. Mahalagang makatanggap ng mahusay na paliwanag kaya inirerekomenda ko ang pagpapakunsulta sa isang espesiyalista, kahit may kalayuan ito sa inyong lugar.

Ang pinakamahalaga ay makahanap ng pinakamabisang pamamaraan ng pagpapalaki sa inyong anak na base sa lubusang pag-unawa sa kaniyang kahinaan at kalakasan.

Seksyon 2. Mga katanungang mahirap itanong sa duktor

Q. Mga Pagkauntol sa Pagsulong sa Paglaki

Pinaalam sa amin na maaaring magkaroon ng pagkauntol sa paglaki ang aming anak. Ano ang maaari naming gawin sa bahay?

A. Sino ang nagsabi sa iyo na maaaring magkaroon ng pagkauntol sa paglaki ang inyong anak? Kung isang propesyonal sa kalusugan sa pangkalahatang Pedyatriko o sentro ng publikong kalusugan, kailangang kumunsulta sa isang espesiyalistang pangpedyatriko sanyurolohiya (utak). Subukang magtalaga ng isang magandang relasyon sa espesiyalista sa mahabang panahon. Kausapin ang duktor tungkol sa karamdaman, pangangalaga, at rehabilitasyon ng inyong anak.

Ang pagkauntol sa pagsulong sa paglaki ay maaaring maraming sanhi. Minsan ito ay may mga komplikasyon sa katawan. Upang malaman kung may karamdamang nagsasanhi o kung may kumplikasyon, kailangang isagawa ang maraming mga eksaminasyon, at dito maaaring masakit ang ilan dito at maaaring kailangan magpa-ospital. Kakailanganin ang inyong ibayong suporta at pasensiya, ang kalagayan ng inyong anak ay may lunas. Kung malalaman na ang mga posibleng maganap sa kinabukasan, magkasama tayong magiisip kung paano ang pinakamabuting paraan ng pangangalaga sa inyong anak. Sa bagay na ito, bilang pinakamahalagang paguusapan, nawa magkasama ang ama at ina mula sa simula ng proseso.

Sa ngayon, ano ang kalagayan ng inyong anak? Napagsabihan na ba kayo ng isang propesyonal na ang inyong anak ay napagiiwan ng ibang mga bata sa maraming aspeto?

Ang tinatawag na “intelligence scale” ay hindi maaaring maging sukatan sa bawat abilidad. Lahat tayo ay may kalakasan at kahinaan. Ang mga bata na may paguntol sa pag-unlad ay maaaring magaling sa isang bagay na hindi maaaring masukat sa pamamagitan nito. Mabuting siyasatin ang kalakasan ng inyong anak nang buong puso at kaluluwa. Huwag magmadali. Tingnan ang pagsulong ng bata ayon sa kaniyang kakayahan.

Bagaman may mga kapansanan, ang bawat bata ay may kaniya- kaniyang antas sa pagsulong sa paglaki. Kung ikaw ay mahilig sa halaman at bulaklak, palalaguin mo ang mga ito, ng may pagmamahal sa pamamagitan ng paglalagay ng pataba at sapat na pagdidilig. Gayundin ang mga bata, na nangangailangan ng ibayong atensyon, at pagpapatalas ng pandamdang mula sa kapaligiran. Bigyang panahon ang dahan dahang pagpapalaki sa kanila. Isaisip ito.

Kung sabihin ng duktor na kailangan ng pagsasanay o training ang inyong anak, kailangang dalhin ang bata nang regular sa isang espesiyal na pasilidad para sa pagsasanay. Mas makakabuti sa bata kung maagap siyang mapagkakalooban ng pagsasanay. Kung matututo na ang bata sa mga pang-araw araw na gawaing bahay (pagkain, paggamit ng palikuran, at iba pa) nang walang hirap sa bahay at sa sentro ng pagsasanay, siya rin ay tiyak na susulong sa pag-unlad sa iba pang mga abilidad. Tulungan din ang inyong anak na magkaroon na regular na talatakdaan sa pagtulog, paggamit ng kasilyas o palikuran at sa paglilinis o pang-iingat ng pangangatawan. Ang pagkakaroon ng regular na oras ng pagtulog ay mahalaga para sa paglikha ng katawan ng panibangong kalakasan o enerhiya para sa kinabukasan. Mahalaga rin ito para sa mga magulang na gaya ninyo upang kayo ay makapagpahinga at mas makapagbigay aruga sa inyong anak.

Isa sa aking nais hilingin sa inyo ay ang lubusan ninyong pagtanggap sa inyong anak. Maaaring may katalagan ang prosesong ito para sa inyo, walang dapat sisihin sa kapansanan ng inyong anak. Lahat ng bata ay nais mabuhay at mahalina. Ang pagmamahal ng magulang ang pinakamahalagang pag-ibig na kaniyang mimithiin.

Q. Pagkaparalisa

May paninigas at kahirapan kapag iginagalaw ng aking anak ang kaniyang mga binti at braso. Ayon sa duktur, maaaring ito ay pagkaparalisa. Hindi ko alam paano aalagaan ang aking anak.

A. Kapag ikaw ay may nadinig, may naramdaman o kung ikaw ay kikilos, ang utak ay gumagana. Sa paglalakad at pagdampot ng anumang bagay, ang cells o pinakapangunahing parte na siyang bumubuo sa utak ay nagbibigay ng utos. Ito ay naglalakbay sa mga daluyan na tinatawag na nerve fibers patungo sa ating binti, kamay at siyang nagpapakilos sa mga ito. Ang mga signales na ito ay nagmumula sa cerebral cortex, na binubuo ng may 14 na bilyong mga nerve cells. Ang mga grupo o network ng mga neurons ay hindi pa matyur o ganap na kumpleto sa paggana. Ito ay nagaganap na sa edad na 7 taong gulang.

Minsan, hindi nakakarating ang mga hudyat o utos sa dapat paroonan dahil sa pagkasira ng ilan sa mga cells o dahil sa problema sa pakikipagkomunikasyon sa bawat nerve fibers. Samantala, tayo ay nagsusubok kumilos, ang katawan ay maaaring manigas o kumilos nang kusa na wala sa ating control o hindi makakilos nang maayos ang mga binti at braso. Ito ang sinasabi ng duktur na “maaaring simtoma ng pagkaparalisa.”

Maraming maaaring maging sanhi ng pagkaparalisa, gaya ng aspiksiya (asphyxia) (kakulangan sa hangin o oxygen sa pagkapanganak), pagdurugo sa loob ng utak at kapansanan. Iba't iba ang maaaring magsanhi nito sa bawat bata. May mga eksaminasyong gagawin para malaman ang posibleng sanhi.

Bagaman, hindi natitiyak ang pinakatumpak na sanhi gawin man ang mga eksaminasyon. Kahit walang makikitang kakaibang resulta sa unang eksaminasyon, mabuting ipatingin ang bata sa duktur nang regular at ipagpatuloy ang pagpapa-eksamin. Kung malalaman ang resulta, hindi dapat sisihin ang ama o ina ng bata. Hindi rin ito kasalanan ng bata. Ang layunin ng eksaminasyon ay ang malaman ang pinakamabuting pamamaraan ng paggamot o pangangalaga.

Kapag ang utak ay napinsala, at magkaroon ng kapansanang hindi malulunasan, wala na bang magagawa? Wala na bang pag-asa? Hindi ito totoo. Tunay nga na hindi na malulunasan ang mga cells ng utak na napinsala ngunit ang mga natitira pang mga cells ay bubuo ng isang network o grupo ng mga panibagong cells at magsisimulang gumana. Ito ang tinatawag na “brain plasticity.” Ang utak ng mga bata ay may matinding plasticity at madaling umayon sa kalagayan ng utak.

Dahil dito, hindi mo dapat isipin na ang kapansanan ay permanente. Bagkus ay gumawa ng paraan upang mapatibay ang plasticity ng utak. Dito mahalaga ang pagsasanay o training. Ang pinakalayunin ng training ay ang mapanatili at mapaunlad ang paggana o pagkilos ng mga parte ng katawan na may kapansanan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng matalas na pandamdang. Layunin din nito ang lubusang makamit ng bata ang ganap na pagsulong sa kaniyang paglaki at ng kaniyang potensiyal.

Maraming uri ng pagsasanay. Isinasagawa ito sa araw-araw na pamumuhay sa bahay na may ibayong pagpupursigi, at napapasailalim ng superbisyon ng isang espesyalista. Kung ito lamang ang bibigyang pansin, maaari ring makaligtaan ang pangemosyonal at pangmental na pagsulong ng bata. Mayroon o walang kapansanan ang isang bata ay lalaki pa rin bilang isang ganap na tao, isang prosesong nangangailangan ng pangmental at pangemosyonal na pag-unlad. Huwag hayaang makaligtaan ito habang namamamalas ang pag-unlad ng potensiyal ng iyong anak. Magkaroon ng puwang sa inyong puso na mamamalas ang tunay na isinasalob ng bata. Balang araw, siya ay haharap sa mundo. Kailangan niyang matutunang tumayo sa sariling kakayanan. Tunay na kailangan ang ganap na paglago (holistic)---- hindi lamang sa pampisikal kundi pang mental at pangemosyonal din. Ito ang isang katangi-tanging bagay na nais kong isaisip ninyo.

Lahat sa pamilya ay kailangan magtulungan sa pagpapalaki ng batang ito. Huwag ikukumpara sa ibang bata bagkus, ang ikumpara ay ang kaniyang kasalukuyang kalagayan at ang magiging kondisyon niya sa darating pang mga buwan. Natitiyak kong may mga pagbabagong magaganap at dito matatagpuan ang pag-asa.

Section 5. Kapag Sumulong ang isang Maliit na Itinatanging Buhay (EGAWA)

- Isang batang limang taong gulang ang natagpuan sa isang kuna sa isang bahay. Siya ay may timbang na anim na kilo at may 85 sentimetro sa katangkaran. Mistula siyang isang maliit na sanggol. Nung siya ay naging isang taon at kalahati, siya ay nasaktan sa isang aksidenteng pantrapiko. Mula noon ay hindi na umasa ang mga magulang na uunlad sa paglaki ang bata. Dahil dito, tumigil nga sa paglago ang bata. Ito ay tinatawag na, “Emotional (o Maternal) Deprivation Syndrome”. Kung sa Tagalog, siya ay may kakulangan sa kalingang pang emosyonal mula sa magulang o ina. Marami rami na rin ang naiulat na kalagayang katulad nito sa bansang Hapon.

- Kadalasan, iniisip ng karamihan na ang paglago sa emosyonal na kalusugan ay hiwalay o walang kaugnayan sa paglalong ng pangangatawan. Sa katunayan, ang dalawang aspetong ito ay magkaugnay sa isa’t isa. Ang isang ina ay nagsisikap na makipagusap sa kaniyang sanggol. Ang ngiti ng sanggol ay nagpapagalak sa puso ng kaniyang ina. Ang kaniyang iyak naman ay nakapagpapabigat ng kalooban ng ina. Malinaw na kailangan ng sanggol at ina ang mga sitwasyong ito sa paglago ng kanilang relasyon sa isa’t isa.

- Sa pagpapakita ng ina ng kaniyang kagalakan, kaniyang nginingitian ang sanggol. Dahil dito ang sanggol ay natututong magpakita ng kaniyang kagalakan at ngumingiti rin. . Nalalalamn din ng isang sanggol na isang mabisang panawag sa kaniyang ina ay ang pag-iyak. Nakukuha niya ang atensyon ng ina at ang ina naman ay nababagabag sa pag-iyak nito. Dito natututo ang sanggol ng pakikipag komunikasyon sa kaniyang ina. Sa madaling sabi, ang isang sanggol ay hindi uunlad sa pakikipagrelasyon o pakikipagkomunikasyon kung siya ay iiwan ng kaniyang magulang sa kawalang pag-asa na siya ay uunlad at lalago. Walang maiiwang aasahan ang sanggol ; walang masasandigan upang siya ay matuto. Dahil dito, patuloy na titigil ang isang parte ng kaniyang utak na para sa paglago ng kaniyang emosyon. Titigil ang utak sa pag gawa ng isang hormon na hindi lamang para sa pisikal na paglago kundi para rin sa sa kaniyang pang mental na paglago. Ito ay ang kondisyong kilala sa tawag na “Emotional (o Maternal) Deprivation Syndrome”.

- Ang kasong nabanggit sa itaas ay isang pagtuturo kung gaano kahalaga ang mga emosyon na nakapaligid sa isang bata para sa kaniyang paglago. Sila ay nararapat na magalak upang sila ay patuloy na lumago at lumaking masigla.

- May mga magulang na kung malaman nila ang pangalan ng sakit o ng kalagayan ng kanilang anak, matagal bago nila ito matanggap. Umaabot ng ilang buwan o taon ang binibilang bago lubusang humupa ang kanilang pagka- bagabag. Galit sa sakit o pag-aalala sa paglago ng anak ang kanilang nadarama nang matagal hanggang makalimutan nila kung paano maging maligaya. May pagkakataong, naihalintulad o naikukumpara nila ang kanilang anak sa mga nasa babasahing aklat sa pagpapalaki ng mga bata o sa ibang bata na kasing edad. Ito ay higit na nagdadala ng kabigatan dahil nagbibigay daan sa mga bagay na kung saan may pagkahuli sa antas na inaasahan sa paglago ng kanilang anak.

- Si “Kaa-kun” ay isang batang nasa ikatlong baitang ng elementarya. Si Kaa-kun ay may espesiyal na pangangailangan. Nakatayo siya sa harapan ng pisara dahil siya ang naatasan noong araw na iyon.”Anong araw ngayon?” tanong ng guro. Nagsikap si Kaa-kun na sumagot sa pamamagitan ng pagsulat ng sagot sa pisara.

- Una siya ay gumuhit ng liniya pahalang, isa pang liniya pababa mula sa kaliwang bahagi ng pisara, tapos ay tumigil...5 segundo, 10 segundo ... Pinagiisipan ni Kaa-kung kung paano at mula saan ipagpapatuloy ang mga iginuhit. ..pakaliwa..pakanan. May mga 10 mag-aaral sa silid at may ilan na nakakaalam kung paano ang gagawin, ang nagsalita, “Kanan, pakanan” , malakas nilang sambit. Ang iba naman ay sumigaw din, “paganito!” o “paparoon!” ayon sa kanilang pag-iisip. 30 segundo ang nakaraan... 40 segundo. Patuloy na nagmamatyag na parang nananalangin ang guro kasama ng kaniyang katuwang na guro.. 50 segundo ang nakaraan ... Patuloy na nakatitig si Kaa-kun sa pisara. 60 segundo, 70 segundo ... ang buong klase ay nagsisigawan, “Go, Kaa-kun, go! Go, Kaa-kun, go!” Kumilos si Kaa-kun at gumuhit ng isang arko. Nagpalakpakan at nagsigawan ang mga mag-aaral sa pagpupuniyagi para kay Kaa-kun.

- Isang pangyayari sa loob lamang ng isang minuto. Isang saglit ng pag-unlad sa pagsusulat ng ‘5’ sa pisara. Lahat ng kaniyang kamga-aral, dalawang guro ay naging bahagi ng kaniyang maliit na paglago; parang isang panalangin. Si Kaa-kun ang pinakasentro ng kanilang dalangin. Isang bagay na hindi sigurado ni Kaa-kun kahapon, isa nang bagay na ngayon ay alam na niya. Sa buong pagkatao ni Kaa-kun alam na din niya kung ilan ang tunay niyang mga kabigan sa kaniyang mga kamag-aral kasama ng kanyang mga guro ang tunay na sumusuporta sa kaniya. Ito’y tunay na nagdadala ng kagalakan sa kaniyang puso.

- Napupuna mo bang ang inyong anak ay may mga kakayanan ngayon na hindi niya kayang gawin ilang buwang nakakaraan? Kung mayroon, ikaw ay dapat magalak. Higit dito, dapat mong ipaalam sa iyong anak na ikaw ay nagagalak. May mga bagay bang tila hadlang sa maliliit na hakbang tungo sa pag-unlad na nakakapagbigay bagabag sa iyong kalooban? May galit ba sa iyong puso na hadlang upang ikaw ay tunay na magalak? Kailan ang huling pagyakap mo sa iyong anak dahil sa iyong kagalakan?

- Mahalaga ang paghandaan ang kinabukasan ng iyong anak. Mahirap takasan ang mga agam-agam tungkol sa kinabukasan ng iyong anak. Ngunit kailangang matutong tumayo sa sariling paa ang iyong anak. Mahalagang maipaunawa sa kaniya ang iyong mga ninanais na matutunan niyang pagpapahalaga habang siya ay bata pa at ang kaniyang utak ay patuloy na umuunlad. Kailangan siyang gabayan at bigyan ng kalakasan tungo sa paghahanda ng kaniyang kinabukasan. ito ay isang paraan ng kaniyang pag-unlad at paglago sa buhay.

- Maaaring ang ilan sa inyo ay pamilyar sa mga salitang ito, “Kapayapaan, Karunungan, and Katapangan”: Una kailangan mong maging matapang upang harapin ang buhay ng isang magulang- katapangan. Ang iyong kalusugang pampisikal ay importante rin kagaya ng iyong mental na kalusugan upang patuloy mong mapangalagaan ang at ikagalak ang maliit na pag-unlad at paglago ng iyong anak.
- Ang pang-unawa ay mahalaga rin – karunungan. Kailangan mong magkaroon ng katuwang upang magkaron ka ng kalakasan sa iyong kalooban. Ang iyong asawa, pamilya, o ibang pamilya, o kahit sino ay maaaring maging katuwang mo na susuporta sa iyo at sa mga nilalaman ng iyong kaisipan.
- Huwag kalilimutan ang kapayapaan sa kalooban upang tumagal ang iyong mga intension o plano- kapayapaan. May pagkakataong kailangan kalimutan o isa isantabi ang iyong nadarama, at ilaan ang iyong oras sa mga bagay na nagbibigay sa iyo ng kagalakan. Magbibigay ito sa iyo ng dagdag na kalakasan sa pag-iisip at puso. Sa gayon ikaw ay makapagbibigay ng kapayapaan sa pagiisip para sa iyong anak. Dahil dito, ang iyong anak ay laging nasa iyong tabi upang ipadama mo ang iyong yakap at pagkalinga. Sa ganitong paraan, patuloy mong mapangangalagaan ang pisikal at emosyon ng iyong anak.